# TAKOT SA KABIGUAN

**A Lord's Flock Praise & Worship Topic**

By: Bro. Bobby Rodriguez, Elder-Founder

Nobyembre 23, 2024

Ang "***Atychiphobia***" ay isang matindi at hindi makatwirang takot sa kabiguan na humahadlang sa tao para marating ang hangarin. Ang takot na ito ay nagdudulot ng problemang emosyonal at sikolohikal gaya ng kahihiyan, depresyon, pagkabalisa*,* at mababang pagpapahalaga sa sarili. Bigo tayo kung sa akala natin ay hindi sapat ang ating ibinigay na kakayanan. Totoo, lahat tayo ay nakararanas ng kabiguan. Kaya, matuto tayong labanan ang ating takot sa kabiguan upang makilala ang mga pakinabang ng maging matagumpay.

**1.Paano malalabanan ang takot sa kabiguan?**

**1.1 Tanggapin na lahat ay nabibigo.**

Hindi tayo dapat matakot mabigo (Jas.3:2). Ang kabiguan ay unibersal. Ang ibang tanyag na karakter sa Biblya ay nagkasala (Rom.3:23). Nabigo si **Abraham** na maniwala na pagkakalooban sila ng anak, ngunit hindi siya tinalikuran ng Diyos.

Si **Jacob** ay magnanakaw**,** ngunit pinahintulutan siya ng Diyos na biyayaan ang mundo sa pamamagitan ng kanyang mga anak.

Si **Noah** ay manginginom, ngunit nakaligtas siya sa matinding baha.

**Si David** ay nangalunya at pinapatay niya ang asawa ni Bathsheba; ngunit tinagurian siyang lalaking nakalulugod at handang tumupad sa lahat ng inuutos ng Diyos.

**1.2 Tiyakin na ang kabiguan ay hindi katapusan.**


Kung nabigo tayo, kailangang tayo'y tumayo, (Prov.24:16). Maraming tao ang nakaranas ng kabiguan bago sila naging tanyag.

**Si George Washington** ay natalo ng dalawang katlo sa kanyang mga labang Rebolusyong Amerikano ngunit, nanalo rin siya sa digmaan at naging unang pangalo ng Estados Unidos.

**Si Billy Graham** ay inatasang ipahayag ang kanyang unang sermon. Inihanda niya ang pang-apat niyang sermon, ngunit natapos lamang ito sa loob ng sampung minuto dahil sa kaba. Siya ay naging isa sa mga pinakatanyag na mangangaral ng Salita ng Diyos.

**1.3. Pagnilayan ang pakinabang sa kabiguan.**

Nakagagawa ang Diyos kahit sa ating kabiguan, (Rom 8:28).




Nabigo si Simon na maglakad sa ibabaw ng tubig noong pinansin niya ang napakalakas na hangin. Sa paglilitis ni Herod, hindi ipinagtanggol ni Simon si Hesus bagkus itinatwa niya ng tatlong beses. Gayunpaman, pinatawad ni Hesus ang lahat ng kanyang pagkukulang. Kaya naman, naging pinakadakila siyang mangangaral ng Mabuting Balita sa kasaysayan ng Kristyanismo kung saan 3,000 tao ang naniwala sa kanyang mga pangaral at nagpabautismo sa loob lamang ng isang araw.

**2. Ano ang mga pakinabang sa kabiguan?**

**2.1 Tinuturuan tayo.** Ang matatalinong tao ay natututo sa kanilang kabiguan. Si Thomas Edison ay nabigo ng 10,000 bago niya naimbento ang bumbilya.

**2.2 Pinapalago ang ating mga kakayahan**. Ito ay hagdan ng ating tagumpay. Hinihimok tayong sumubok ng iba't ibang estratehiya. Natuto tayong sumakay ng bisikleta pagkatapos tayong bumagsak at nasaktan ng makailang ulit.

**2.3 Nababawasan ang ating pagka-mapanghusga.** Nagiging maawain tayo sa kapwa na nakararanas ng kabiguan.

**2.4 Nakatutulong na hindi natin ikumpara ang ating sarili sa iba.** Kung nakikikumpetensya tayo sa iba, ihanda natin ang ating sarili sa kabiguan, (Gal. 6:4).

**Konklusyon:** Karamihan sa mga kabiguan ng buhay ay nangyayari dahil hindi nila natanto na malapit na sila sa tagumpay noong sila'y sumuko. Masakit ang mabigo, ngunit pananampalataya lamang ang makatutulong sa atin na huwag manghinawa (Gal. 6:9). Kailangang matuto tayong makinabang sa ating mga kabiguan. Tunay nga, isa sa mga pinakamabisang paraan ng pagkatuto ay sa pamamagitan ng kabiguan.

**Pagninilay:**

1.Ano ang iyong pinakamalaking kabiguan? Paano mo ito nalampasan?

2. Takot ka bang mangako sa paglilingkod mo sa Panginoon?

**SCRIBES Ministry**

Isinalin ni: Nida A. Cruz

https://lordsflock.org/teachings/digests

Tags: #Pananalig, #kabiguan, #takot